
2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Balat ng Iba't Ibang Hayop at Lamang Dagat



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Arts 2_ Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Balat ng Iba't Ibang Hayop at Lamang Dagat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Monaliza I. Laroya, Louie Jim P. Bugay |
| **Editor:** | Rubilita L. San Pedro |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nancy P. Mabalot, Engelbert B. Agunday |
| **Tagasuri ng Wika:** | Gerwin L. Cortez, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri ng Disenyo at Balangkas:** | Glehn Mark A. Jarlego |
| **Tagaguhit:** | Louie Jim P. Bugay |
| **Tagalapat:** | Monaliza I. Laroya |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Salome P. Manuel, Rubilita L. San Pedro, Melvin S. Lazaro |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando, (P)
Telefax: (045) 598-8580
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Balat ng Iba't Ibang Hayop at Lamang Dagat

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Kay gandang pagmasdan ang mga hayop at lamang dagat na iyong makikita sa kapaligiran! Ano-ano ba ang mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa mga balat nito? Paano mo mailalarawan ang pagkakaiba-iba ng mga ito? Alamin natin.

Pagkatapos mong maisagawa ang mga pagsasanay sa modyul na ito, inaasahang mailalarawan mo ang mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat ng iba't ibang hayop at lamang dagat sa pamamagitan ng paggamit ng mga akmang salita at galaw ng sining biswal (A2EL-IIa)

## *Subukin*

Panuto: Piliin mula sa kahon ang letra na naglalarawan sa hayop o lamang dagat na nabanggit sa bawat bilang gamit ang mga akmang salita ng sining biswal. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1. tupa
2. manok
3. kalabaw
4. bangus
5. alimango

A. Ito ay hayop na kulay itim na may makintab at makapal na balat.
B. Ito ay lamang dagat na may makintab na kaliskis at kulay abong balat.
C. Ito ay hayop na may sarisaring kulay at madulas na balahibo.
D. Ito ay lamang dagat na kulay abo na may matigas na balat at batik-batik na pansipit.
E. Ito ay hayop na may makapal na balahibo na may disenyong linyang pasalit-salit at paikot-ikot.

# Aralin 1 Balat ng Iba't Ibang Hayop at Lamang Dagat

Mailalarawan mo ang mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat ng iba't ibang hayop at lamang dagat. Ito ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga akmang salita at galaw ng sining biswal.

Pagmasdan mo ang iba't ibang hayop at lamang dagat na iyong makikita sa kapaligiran. Alamin at pag-aralang ilarawan ang balat ng mga ito.

# *Balikan*

**Panuto:** Sa hiwalay na papel, iguhit ang iyong paboritong hayop at sumulat ng isang pangungusap tungkol dito.

_______________________________________________________

___________________________________________________________

__________________________________________________________.

### *Mga Tala para sa Guro*

Upang maisagawa ang mga pagsasanay sa modyul na ito, siguraduhin na ang bawat mag-aaral ay may magagamit na lapis at papel sa pagsagot ng mga gawain. Tiyakin din na mayroon siyang mga kagamitan sa pagguguhit at pagpipinta.


## Tuklasin

### Si Lot na Mahilig Maglibot

Ni Monaliza I. Laroya



Ang batang nasa larawan ay si Lot. Siya ay isang bibo at masayahing bata. Hilig niya ang maglibot lalo na tuwing walang pasok sa paaralan.



Isang umaga, araw ng Linggo, inaya niya ang kaniyang tatay at kuya na lumibot.


“Tatay, maaari po ba tayong maglibot ngayon sa dagat kasama si kuya?” tanong ni Lot.

“Sige anak, maligo rin tayo roon,” ang sagot ng kaniyang tatay.


“Talaga ‘tay? Salamat po!” tugon ni Lot.

Ang dagat ay malapit lamang sa kanila. Ito ay maaaring lakarin ngunit bago sila makarating doon ay may dadaanan muna silang bukid.

Sa kanilang pagdaan sa bukid ay may napansing mga hayop si Lot. Nariyan ang kalabaw na may maitim at makintab na balat. Napansin din niya ang kambing na kulay kayumanggi na may hugis bilohabang kulay puti sa gawing tiyan.



Sa hindi kalayuan ay nakakita siya ng tupa na kulay puti ang balat. Ito ay tila may disenyong linyang pasalit-salit at paikot-ikot dahil sa balahibo nitong makapal.




Sa wakas, sila ay nakarating din sa dagat. Maya-maya ay may dumating na mangingisda na may dalang bagong huling lamang dagat.

Nahikayat si Lot na tingnan ang mga nahuli ng mangingisda. Nakita niya ang mga isdang bangus na may makintab na kaliskis at kulay abong balat. Ito ay may disenyong hugis diyamante na nagpapakinang sa kaliskis nito. Nakakita rin siya ng mga pusit na ang kulay ay mapusyaw na pula. Ang katawan nito ay may mga maliliit na hugis bilog na batik-batik na itim. Nalaman niya na ito ay madulas nang kaniyang hawakan. Gayundin, may mga malalaking isdang tulingan siyang nakita. Ang balat ng mga ito ay kulay abong makintab.



Patungo na si Lot sa tubig upang maligo kasama ang kaniyang tatay at kuya nang bigla silang nakakita ng malaking alimango sa dalampasigan. Hinawakan ito ng kaniyang tatay. Ito ay kulay abo na may matigas na balat at may batik-batik na pansipit. Gayundin, may nakita silang malaking hipon sa batuhan. Ito ay kulay abo na may mga linyang pahalang na paikot sa kaniyang katawan.



Bandang tanghali, sila ay natapos nang maligo at nagdesisyong umuwi.

Pagdating nila sa bahay, nakahain na ang masarap na tanghalian sa mesa. Sabay-sabay silang kumain kasalo ang kanilang ina.



Pagkatapos ng tanghalian, kinuha ni Lot ang kaniyang mga kagamitan sa pagguguhit at pagpipinta. Nais niyang maiguhit at maipinta ang mga hayop at lamang dagat na kaniyang nakita sa kanilang paglilibot.

## Pang-unawa sa Binasa

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

1. Sino ang bata sa kuwento?
2. Saan siya naglibot kasama ang kaniyang tatay at kuya?
3. Ano-anong mga hayop ang nakita niya sa bukid? Ilarawan ang mga ito.
4. Ano-anong mga lamang dagat ang kaniyang nakita? Ilarawan ang mga ito.
5. Kung ikaw ang bata sa kuwento, paano mo mailalarawan ang balat ng mga hayop at lamang dagat na kaniyang nakita sa paglilibot?

## *Suriin*

Tunay na ang bawat hayop at lamang dagat ay may iba't ibang anyo na makikita sa mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo ng balat ng mga ito.

Mailalarawan mo ang mga balat ng iba't ibang hayop at lamang dagat gamit ang mga akmang salita at galaw ng sining biswal.


Ang mga salita ng sining biswal ay mga salitang naglalarawan sa iyong nakitang tao, bagay, hayop, at lugar; samantala, ang mga galaw ng sining biswal naman ay ang pagguguhit at pagpipinta sa mga ito.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Gawain 1

Sa pagkakataong ito, humingi ng gabay sa magulang o sa sinumang nakatatanda.

**Panuto:** Sa hiwalay na papel, kopyahin ang **graphic organizer** na nasa ibaba ng larawan ng pusa. Isulat dito ang mga salitang naglalarawan sa mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat ng pusa.



| Linya | Hugis | Kulay | Tekstura | Disenyo |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

## Tasahin 1

**Panuto:** Sumulat ng bilang 1 hanggang 5 sa hiwalay na papel. Iguhit ang hugis bituin (☆) sa bawat bilang kung naisagawa ang ipinahahayag ng pangungusap at hugis buwan (☾) naman kung hindi.

1. Nakopya ko ang graphic organizer sa papel.
2. Nakapagsulat ako sa graphic organizer ng mga salitang naglalarawan sa mga linya at hugis na makikita sa balat ng pusa.
3. Nakapagsulat ako sa graphic organizer ng mga salitang naglalarawan sa mga kulay na makikita sa balat ng pusa.
4. Nakapagsulat ako sa graphic organizer ng mga salitang naglalarawan sa mga tekstura at disenyo na makikita sa balat ng pusa.
5. Detalyado kong naisulat sa graphic organizer ang mga salitang naglalarawan sa balat ng pusa ayon sa linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita rito.

## Pinatnubayang Gawain 2

**Panuto:** Gamit ang lapis at **watercolor**, iguhit at ipinta sa hiwalay na papel ang larawan ng bangus na kasinlaki ng iyong kamay. Ipakita ang mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyong makikita sa balat nito.


## Tasahin 2

**Panuto:** Sumulat ng bilang 1 hanggang 5 sa hiwalay na papel. Sa bawat bilang, iguhit ang masayang mukha (☺) kung naisagawa ang tinutukoy ng pangungusap at malungkot na mukha (☹) naman kung hindi.

1. Naiguhit ko ang balangkas ng bangus.
2. Sa aking pagguhit, naipakita ko ang mga linya at hugis na makikita sa balat ng bangus.
3. Naipinta ko ang larawan ng bangus.
4. Sa aking pagpipinta, naipakita ko ang kulay, tekstura, at disenyo sa balat ng bangus.
5. Sa aking pagguhit at pagpinta, naipakita ko ang kabuuang larawan ng bangus.

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Ipakilala ang hayop sa ibaba. Gumamit ng mga salitang naglalarawan sa mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat nito. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.



## Tasahin 1

**Panuto:** Sa hiwalay na papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Sa bawat bilang, iguhit ang hugis puso (♡) kung oo ang sagot sa mga sumusunod na tanong at parisukat (☐) naman kung hindi.

1. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa mga linya o hugis na makikita sa balat ng hayop?
2. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa mga kulay na makikita sa balat nito?
3. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa tekstura o disenyo na makikita sa balat nito?
4. Detalyado ko bang nailarawan ang balat nito ayon sa linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita rito?
5. Naipakilala ko ba ang hayop na nasa Malayang Pagsasanay 1?

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Ipakilala ang lamang dagat sa ibaba. Gumamit ng mga salitang naglalarawan sa mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat nito. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.



## Tasahin 2

**Panuto:** Sa hiwalay na papel, sumulat ng bilang 1 hanggang 5. Lagyan ng tsek ( √ ) ang tapat ng bilang kung oo ang sagot sa bawat tanong at ekis ( X ) naman kung hindi.

1. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa mga linya o hugis na makikita sa balat ng lamang dagat?
2. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa mga kulay na makikita sa balat nito?
3. Nakagamit ba ako ng mga salitang naglalarawan sa tekstura o disenyo na makikita sa balat nito?
4. Detalyado ko bang nailarawan ang balat nito ayon sa linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo?
5. Naipakilala ko ba ang lamang dagat na nasa Malayang Pagsasanay 2?



## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang patlang sa bawat bilang ayon sa tinutukoy ng pangungusap. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.


Mailalarawan mo ang mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat ng iba't ibang hayop at lamang dagat sa pamamagitan ng:

1. ____________________- ito ay ang paggamit ng mga salitang naglalarawan sa anumang iyong nakita.
2. ____________________- ito ang pagguguhit at pagpipinta sa iyong mga nakita.

# *Isagawa*

**Panuto:** Gamit ang lapis, kopyahin sa hiwalay na papel ang balangkas ng kambing sa ibaba. Gumamit ng watercolor at kulayan ito batay sa paglalarawang ipinahahayag tungkol dito.

Ito ay kambing. Ang balat nito ay kulay kayumanggi. Ito ay may hugis bilohabang kulay puting batik sa tiyan. Ang kulay ng mga sungay, tainga, at paa nito ay itim. Makikita naman sa tekstura ng balat nito ay mabalahibo na may mga linyang pasalit-salit.






# Tayahin

**Panuto:** Ilarawan ang mga sumusunod na mga hayop at lamang dagat sa Hanay A. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa hiwalay na papel mula sa Hanay B.

**Hanay A**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Hanay B**

A. Ito ay hayop na makintab, makapal, itim ang balat, at may matigas at magaspang na sungay.

B. Ito ay lamang dagat na makaliskis at kulay abo ang balat.

C. Ito ay hayop na ang balat ay may mga balahibong madulas at sarisaring kulay.

D. Ito ay lamang dagat na may kulay abong matigas na balat at may batik-batik na pansipit.

E. Ito ay hayop na kulay puting makapal ang balahibo na may disenyong linyang pasalit-salit at paikot-ikot.

# *Karagdagang Gawain*

Tiyak, alam mo nang ipakilala at ilarawan ang mga hayop at lamang dagat na iyong napag-aralan sa modyul na ito!

Panuto: Magpakilala ng isang hayop na makikita sa kagubatan. Ilarawan ang natatanging hugis ng katawan at ang iba't ibang bahagi nito. Gayundin, ilarawan ang iba't ibang kulay at tekstura na makikita sa balat nito. Gawin ito sa pamamagitan ng pagguguhit at pagpipinta sa hiwalay na papel gamit ang lapis at watercolor.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. E 2. C 3. A 4. B 5. D

**Balikan**

**Rubrik sa Pagmamarka**

| Rubrik | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nakapagguhit ng larawan ng paboritong prutas sa papel at nakapagkuwento tungkol dito nang detalyado. | Nakapagguhit ng larawan ng paboritong prutas sa papel at nakapagkuwento tungkol dito. | Nakapagguhit ng larawan ng paboritong prutas sa papel. Nakapagku-wento tungkol dito ngunit hindi natapos. | Nakapag-guhit ng larawan ng paboritong prutas sa papel. | Nakapagsimu-lang gumuhit ng larawan ng paboritong prutas sa papel ngunit hindi ito natapos. |

**Tuklasin**

**Pang-unawa sa Binasa**

1. Ang bata sa kuwento ay si Lot.
2. Sila ay maglilibot sa dagat.
3. Ang nakita niya sa bukid ay ang kalabaw na may maitim at makintab na balat. Napansin din niya ang kambing na kulay kayumanggi na may hugis bilohabang kulay puti sa gawing tiyan. Sa hindi kalayuan ay nakakita siya ng tupa na kulay puti ang balat. Ito ay tila may disenyong linyang pasalit-salit at paikot-ikot dahil sa balahibo nitong makapal.
4. Nakita niya ang mga isdang bangus na may makintab na kaliskis at kulay abong balat. Ito ay may disenyong hugis diyamante na nagpapakinang sa kaliskis nito. Nakakita rin siya ng mga pusit na ang kulay ay mapusyaw na pula. Ang katawan nito ay may mga maliliit na hugis bilog na batik-batik na itim. Nalaman niya na ito ay madulas nang kaniyang hawakan. Gayundin, may mga malalaking isdang tulingan siyang nakita. Ang balat ng mga ito ay kulay abong makintab. Nakakita rin siya ng malaking alimango sa dalampasigan. Hinawakan ito ng kaniyang tatay. Ito ay kulay abo na may matigas na balat at may batik-batik na pansipit. Gayundin, may nakita siyang malaking hipon sa batuhan. Ito ay kulay abo na may mga linyang pahalang na paikot sa kaniyang katawan.
5. Kung ako ang bata sa kuwento, mailalarawan ko ang balat ng iba't ibang hayop at lamang dagat gamit ang mga akmang salita at galaw ng sining biswal.

Suriin

Pinatnubayang Gawain 1

(Pagsusulat sa graphic organizer ng mga salitang naglalarawan sa mga linya, hugis, kulay, tekstura, at disenyo na makikita sa balat ng pusa.)

Tasahin 1



Pinatnubayang Gawain 2

(Pagguhit at pagpipinta sa larawan ng bangus)

Tasahin 2



Malayang Pagsasanay 1

(Pagpapakilala at paglalarawan ng hayop)

Tasahin 1



Malayang Pagsasanay 2

(Pagpapakilala at paglalarawan ng lamang dagat)

Tasahin 2

1. √ 2. √ 3. √ 4. √ 5. √

Isaisip

Salita ng Sining Biswal 2. Galaw ng Sining Biswal

Tayahin

1. E 2. D 3. C 4. A 5. B

Karagdagang Gawain

Rubrik sa Pagmamarka

| Rubrik | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nakapagpakilala ng hayop na makikita sa kagubatan. Naiguhit at naipinta ito sa papel. Naipakita ang natatanging hugis ng katawan at mga bahagi nito. Gayundin, ang kulay at tekstura na makikita sa balat nito. | Nakapagpakilala ng hayop na makikita sa kagubatan. Naiguhit at naipinta ito sa papel ngunit hindi naipakita ang natatanging hugis ng katawan at mga bahagi nito. Gayundin, ang kulay at tekstura na makikita sa balat nito. | Nakapagpakila-la ng hayop na makikita sa kagubatan. Naiguhit ito sa papel ngunit hindi napintahan. | Nakapagpakila-la ng hayop na makikita sa kagubatan. Naiguhit ito sa papel ngunit hindi natapos. | Nakapagpakila-la ng hayop na makikita sa kagubatan ngunit hindi ito naiguhit sa papel. |

# *Sanggunian*

Catacutan Marco A., Kristel Iris E. Igot, Fe P. Pabilonia, and Ronaldo V. Ramilo. 2013. Music, Arts, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang Learner's Material. 1st ed. Pasig City: Rex Bookstore, pp.199-213.

Catacutan Marco A., Kristel Iris E. Igot, Fe P. Pabilonia, and Ronaldo V. Ramilo. 2013. Music, Arts, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang Teacher's Guide. 1st ed. Pasig City: Rex Bookstore, pp.127-128.

Commons.deped.gov.ph. 2020. [online] Available at: <https://commons.deped.gov.ph/K-to-12- MELCS- with-CG-Codes.pdf> [Accessed 2 July 2020].

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph